International Journal of Research Studies in Education
2026 Volume 15 Number 22, 273-295



Metacognitive strategy sa pagtuturo ng kuwento sa Filipino 10

Villarin, Haji Hakem Moro D. ✉
General Climaco National High School, Philippines (hajihakemmoro.villarin001@deped.gov.ph)

Received: 25 September 2026 **Revised**: 11 November 2026 **Accepted**: 3 November 2026
Available Online: 4 November 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26451

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstrak

Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang bisa ng Metacognitive Strategy sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral na nakatuon sa pagsusuri ng antas ng pag-unawa gaya ng Literal na Pagbasa, Inferensyal, Kritikal at Personal na Pag-unawa bago at pagkatapos gamitin ang estratehiya. Ginamit ang one-group pretest-posttest quasi-experimental na disenyo sa siyamnapu't siyam (99) na mag-aaral sa Baitang 10 ng General Climaco National High School, Toledo City, Cebu sa taong panuruan 2026–2027. Ginamit ang paunang pagsusulit, panghuling pagsusulit, at talatanungan upang masukat ang saloobin hinggil sa paggamit ng Metacognitive Strategy. Batay sa pagsusuri, gamit ang frequency, percentage, mean, standard deviation, at paired samples t-test, lumabas na nasa antas na Nagsisimula sa lahat ng pamantayan ng pag-unawa sa pagbasa bago ipatupad ang Metacognitive Strategy. Matapos ang interbensiyon, nakita na umangat ang pagganap sa antas na Umuunlad sa literal, inferensyal, at kritikal at personal na pag-unawa. Ipinakita rin ng paired samples t-test na may makabuluhang pagkakaiba sa pauna at panghuling pagganap sa lahat ng pamantayan (p<.001), positibo naman ang saloobin sa paggamit ng Metacognitive Strategy. Natuklasan na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa lahat ng pamantayan ng pag-unawa (p<.001). Nagpakita ang mga mag-aaral ng positibong saloobin sa paggamit ng Metacognitive Strategy na may kabuuang mean na 3.88 at SD na 0.70. Samakatuwid, napatunayang mabisa ang mga gawaing tinamo sa paglalapat ng Metacognitive Strategy para sa pag-unawa, pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, at paglinang ng aktibong pakikilahok sa proseso ng pagkatuto.

Mga Susing Salita: metacognitive strategy, pag-unawa sa kuwento, pagbasa, Filipino 10, kritikal na pag-iisip

© The Author(s) / Attribution-ShareAlike CC BY-SA

Metacognitive strategy sa pagtuturo ng kuwento sa Filipino 10

1. Panimula

Ang pag-unawa sa mga kuwento ay isang mahalagang kasanayan sa asignaturang Filipino, sapagkat ito ay naglilinang ng kritikal na pag-iisip, pagpapakahulugan, at koneksyon ng mga mag-aaral sa kultura at karanasan. Ang pagtuturo ng kwento ay hindi lamang pag-hiram o pagbasa ng teksto, kundi isang transaktibong proseso kung saan aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral sa pagbubuo ng kahulugan, pagkilala sa mga tauhan at pangyayari, at paglalapat ng mga aral sa kanilang sariling buhay.

Ilan sa mga pag-aaral ay nagpapakita ng kahalagahan ng mga interbensiyon at estratehiya sa pagtuturo ng kwento at naratibong teksto. Halimbawa, isang pag-aaral nina Yulianawati, Nurhadi, at Mayasari (2025) ang nag-ulat na ang paggamit ng *storytelling* bilang *pedagogical tool* ay epektibo sa pagpapaigting ng *engagement* at *reading* comprehension ng mga *elementary learners*, dahilan upang mas maging kawili-wili at mas malalim ang kanilang pag-unawa sa teksto. isang eksperimento ang sumuri sa *story grammar strategy* at napag-alamang ito ay nakapagpapataas ng kakayahan ng mga mag-aaral na kilalanin ang narrative elements at mapabuti ang *comprehension performance* (Story Grammar Strategy, 2025). Higit pa rito, isang pag-aaral nina Sinamo et al. (2023) ang nag-pakita na ang maikling kuwento bilang midya ay may positibong epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa *reading comprehension*.

Sa pagsusuri ng mga pamamaraan sa pagtuturo ng kuwento sa kontekstong Pilipino, may umiiral na mga lokal na pag-aaral na nagsusulong ng kontekstuwalisado, multimidyal, at *learner-centered* na lapit upang mapalalim ang pag-unawa at paglahok ng mga mag-aaral sa pagbasa ng kwento. Ipinakita ng pag-aaral ni Alday (2019) na ang paggamit ng *animation film* bilang kagamitang panturo ay nakapagpataas ng interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa kuwentong-bayan at iba pang akdang pasalaysay. Bagaman maraming pag-aaral ang nagpapakita ng bisa ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng mga tekstong naratibo, nananatili pa ring hamon ang malalim na pagbasa ng kwento sa hanay ng mga mag-aaral. Ipinakikita sa mga kaugnay na literatura na kadalasang nakapokus ang mga mag-aaral sa literal na pagkuha ng impormasyon tulad ng pagtukoy sa tauhan at pangyayari ngunit nahihirapan sa pagbuo ng inferensiya, pagsusuri ng tema, at pagbibigay ng personal na pagpapakahulugan sa teksto.

Sa aktuwal na sitwasyon sa silid-aralan, kapansin-pansin na maraming mag-aaral ang nakatutok lamang sa pagkuha ng tahasang impormasyon mula sa kuwento tulad ng pagtukoy sa tauhan at pangunahing pangyayari, ngunit nahihirapan sa mas malalim na pagsusuri ng tema, simbolismo, at mensaheng nakapaloob dito. Madalas ding nakikita na kapag pinasasagot sila ng mga tanong na nangangailangan ng sariling interpretasyon, nagiging maikli at payak ang kanilang sagot, at kadalasan ay inuulit lamang ang nilalaman ng teksto. Bilang tugon sa mga suliraning natukoy sa pagtuturo ng kwento, mahalagang magpatupad ng interbensiyong nakatuon sa mas aktibo, kontekstuwalisado, at mapanuring proseso ng pagbasa at pagtalakay ng teksto. Batay sa mga kaugnay na pag-aaral, napatunayang nakatutulong ang paggamit ng makabagong kagamitang panturo, integrasyon ng lokal na kultura, at pagbuo ng sistematikong teaching guide upang mapalalim ang pag-unawa at partisipasyon ng mga mag-aaral sa talakayan ng kuwento.

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga epektibong paraan sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa kuwento ng mga mag-aaral at kung paano nahuhubog sa pamamagitan nito ang kanilang personal na interpretasyon, kritikal na pag-iisip, at paglalapat ng mga aral sa tunay na buhay. Nilalayon din nitong masuri ang antas ng kanilang pagganap sa pagbasa at pagsusuri ng kuwento upang makapaglatag ng mas angkop at sistematikong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Sa kabuoan, ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagtukoy ng mga epektibong paraan sa pagtuturo ng kwento upang mapalawak at mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Sinusuportahan ito ng umiiral na literatura na nagpapakita ng positibong epekto ng interaktibo, kontekstuwalisado, at makabagong estratehiya sa pagpapahusay ng comprehension at partisipasyon ng mga mag-aaral sa talakayan ng

teksto. Batay sa mga obserbasyon sa silid-aralan at mga kaugnay na pag-aaral, malinaw na may pangangailangan para sa mas sistematiko at makabuluhang lapit sa pagtuturo ng kwento upang higit na malinang ang kritikal na pag-iisip at kakayahan sa interpretasyon.

Layunin ng Pag-aaral - Layunin ng pag-aaral na ito na masuri at mataya ang bisa ng Metacognitive Strategy sa pagpapaunlad ng kasanayan at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10 ng General Climaco National High School sa pagtuturo ng kuwento sa asignaturang Filipino para sa Taong Panuruan 2026–2027. Nilalayon nitong tukuyin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kumbensyonal na pamamaraan at ang kanilang panghuling pagganap gamit ang Metacognitive Strategy batay sa tatlong pamantayan: Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa. Hangarin din nitong suriin kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral, gayundin ang kanilang pangkalahatang saloobin sa paggamit ng nasabing estratehiya. Mula sa mga makakalap na datos at natuklasan, layunin din ng pananaliksik na makabuo ng isang kapaki-pakinabang na kagamitang pampagtuturo o worksheet na magsisilbing epektibong interbensiyon upang tugunan ang mga natuklasang kakulangan at mapabuti ang kalidad ng pagkatuto sa panitikan.

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng bisa ng Metacognitive Strategy sa pagpapaunlad ng kasanayan at antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng kuwento sa asignaturang Filipino 10. Ang saklaw ng mga tagatugon ay binubuo ng siyamnapu't siyam (99) na mag-aaral mula sa Baitang 10 ng General Climaco National High School, Barangay General Climaco, Lungsod ng Toledo, Cebu, sa taong panuruan 2026–2027. Ang mga kalahok na ito ay nagmula sa dalawang tiyak na seksyon (Jesse at Alma) na pinili sa pamamagitan ng total enumeration technique. Sa aspekto ng nilalaman at nilalayon, nakatuon ang pananaliksik sa tatlong pangunahing pamantayan ng pag-unawa sa pagbasa: ang Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa. Sinukat din sa pag-aaral na ito ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng estratehiya gamit ang 5-point Likert scale. Ang disenyong ginamit ay one-group pretest-posttest quasi-experimental na pamamaraan. Bilang pangunahing awtput, nag-iwan at bumuo ang mananaliksik ng mga kagamitang pampagtuturo na tinatawag na Metacognitive Reading Worksheet na nakatuon sa mga piling akdang pampanitikan tulad ng mga kabanata mula sa *El Filibusterismo*, *Cupid at Psyche*, *Ang Kwintas*, at *Ang Tusong Katiwala*. Samantala, ang mga limitasyon ng pag-aaral ay nakapokus lamang sa epekto ng nasabing estratehiya sa mga napiling mag-aaral sa Baitang 10 at hindi sumasaklaw sa buong populasyon ng buong paaralan o dibisyon. Ang saklaw ng mga akdang tinalakay at sinuri ay limitado rin sa mga piling kuwento at mitolohiya na inangkop sa kurikulum ng Filipino 10. Bukod dito, ang pagsusuri sa pagganap ng mga mag-aaral ay nakasalalay lamang sa mga marka na nakuha mula sa pauna (pretest) at panghuling pagsusulit (posttest) gayundin sa mga talatanungang inihanda ng mananaliksik.

Kahalagahan ng Pag-aaral - Makatutulong ang pag-aaral na ito sa pagpapabuti ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa pamamagitan ng paggamit ng *Metacognitive Strategy* sa pag-unawa ng mga akdang pampanitikang kwento.

- **Administrasyon**. Ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing gabay sa pagbuo at pagpapatupad ng mga programang pang-akademiko na makatutulong sa pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo sa paaralan.
- **Mga Guro**. Ang resulta ng pananaliksik ay maaaring magsilbing sanggunian ng mga guro sa pagpili ng angkop at epektibong estratehiya sa pagtuturo, gayundin sa pagbuo ng mga gawaing pampagkatuto na angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral.
- **Mga Mag-aaral**. Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral upang mas malinaw nilang maunawaan ang kanilang pagkatuto at mahikayat silang maging aktibo at responsable sa kanilang sariling pag-aaral.
- **Mga Mananaliksik sa Hinaharap**. Ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing batayan at sanggunian ng mga susunod pang mananaliksik na magsasagawa ng mga pag-aaral na may kaugnayan sa paksang

na siyang tutulong sa kanilang pag-aaral na magbibigay gabay, hakbang, impormasyon at datos.

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *one-group pretest–posttest* na disenyo ng pananaliksik upang matukoy ang epekto ng paggamit ng *Metacognitive Strategy* sa pagtuturo ng kwento sa Filipino. Layunin nitong masukat kung may pagbabago sa antas ng pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ipatupad ang nasabing estratehiya. Ang ganitong disenyo ay isang uri ng *quasi-experimental* na pamamaraan kung saan iisang grupo lamang ng mga kalahok ang sinuri sa pamamagitan ng paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit upang makita ang posibleng pagbabago sa kanilang pagkatuto. Ayon kina John W. Creswell at J. David Creswell (2018), ang ganitong disenyo ay karaniwang ginagamit sa mga pag-aaral sa edukasyon kung saan nais suriin ang epekto ng isang interbensiyon sa umiiral na grupo ng mga mag-aaral. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, mananatili ang kasalukuyang pagkakabuo ng klase sa Filipino 10 at hindi magkakaroon ng paghahati ng mga mag-aaral sa kontrol at eksperimental na grupo. Sa unang bahagi ng pag-aaral, magsasagawa ng paunang pagganap upang masukat ang paunang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa kwento batay sa literal, inferensiyal, at kritikal na antas ng pagbasa.

Pagkatapos nito, ipatutupad ang *Metacognitive Strategy* bilang estratehiya sa pagtuturo sa loob ng itinakdang panahon. Matapos ang implementasyon, magsasagawa ng panghuling pagganap upang masukat ang kanilang panghuling pagganap at matukoy kung may naganap na pagbabago sa kanilang pag-unawa sa kwento. Ang mga datos na nakalap mula sa pauna at panghuling pagsusulit ay lalapatan ng angkop na istadistikal na pagsusuri upang matiyak kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang *Metacognitive Strategy*. Ang mga markang nakuha sa pagsusulit ay nagsilbing batayan sa kwantitatibong pagsusuri ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng paghahambing ng resulta ng pauna at panghuling pagganap, masusuri kung gaano kabisa ang paggamit ng *Metacognitive Strategy* bilang estratehiya sa pagtuturo ng kwento at kung paano ito nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Respondente - Ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay binuo ng siyamnapu't siyam (99) na mag-aaral mula sa Baitang 10 ng *General Climaco National High School*. Kabilang dito ang apatnapu't siyam (49) na mag-aaral mula sa seksyong Jesse at limampu (50) na mag-aaral mula sa seksyong Alma. Pinili ang mga respondenteng ito dahil nakitaan sila ng kahinaan sa pag-unawa sa teksto at babasahin. Sa pagpili ng mga respondente, ginamit ang *total enumeration technique*, isang uri ng *non-probability sampling* kung saan pinipili ang mga kalahok batay sa mga tiyak na katangian na may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Sa paraang ito, sinadya ng mananaliksik na piliin ang mga seksyon na angkop sa implementasyon ng *metacognitive strategy* sa pagtuturo ng kwento. Sa pamamagitan nito, nakakalap ng makabuluhan at kaugnay na datos na magsisilbing batayan sa pagsusuri ng epekto ng nasabing estratehiya sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kwento sa asignaturang Filipino 10.

Instrumento ng Pananaliksik - Gumamit ng tatlong instrumento ang mananaliksik upang masukat at makuha datos. Paunang pagganap, Panghuling pagganap at isang talatanungan (likert scale) upang sukatin ang personal na saloobin ng mga respondente na binuo ng mananaliksik at ipinabalideyt sa mga eksperto. Ang pauna at panghuling pagganap ay binuo upang masukat ang pag-unawa. Bago gamitin ang mga instrumentong ito sa aktuwal na pangangalap ng mga datos, dumaan ito sa *content validation* upang matiyak ang kaangkupan, kalinawan, at kaugnayan ng bawat aytem sa layunin ng pag-aaral. Naghahanap ang mananaliksik ng mga eksperto, kabilang ang mga *Master Teacher* sa larangan ng Filipino at pananaliksik, upang suriin at balideyt ang mga instrumento. Matapos ang *content validation*, nagsagawa ang mananaliksik ng *pilot testing* sa tatlumpu (30) mag-aaral na hindi kabilang sa mga respondenteng sasali sa aktuwal na pag-aaral. Ang mga nakalap na datos mula sa pilot testing ay ipinasa sa isang estadistiko upang masuri ang balididad at *reliability* ng instrumento. Ang resulta ng pagsusuring ito ang nagsilbing batayan upang matukoy kung ang instrumento ay balido at angkop gamitin sa pag-aaral o nangangailangan pa ng rebisyon bago ito gamitin sa aktuwal na pangangalap ng datos.

Ang dalawang pagsusulit ay may magkatulad na ayos at nilalaman upang maihambing nang maayos ang

kanilang pagganap bago at pagkatapos ng interbensiyon. Nakabatay ang mga tanong sa mga pamantayan ng pag-unawa tulad ng literal, Inferensyal, at kritikal na pagbasa upang malinaw na matukoy ang antas ng kanilang pag-unawa sa akdang binasa. Samantala, ang talatanungan na inihanda ng mananaliksik ay naglalaman ng mga pahayag na naglalayong masukat ang saloobin at karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng estratehiya sa pagtuturo. Sa pamamagitan nito, matutukoy kung paano nila tinatanggap at nararanasan ang estratehiyang ginamit sa pag-unawa ng kwento.

Pamamaraan sa Paglikom ng Datos - Una, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa punong-guro o kawaksi ng punong-guro ng *General Climaco National High School* na siyang pagtutuunan ng pag-aaral na hayaan o payagan ang mga mag-aaral sa Baitang 10 sekyon ng Jesse at Alma na maging respondente ng pag-aaral. Ikalawa, sa paunang pagsusulit, nagturo ang guro ng kombensyunal na paraan ng pagtuturo sa pagbasa ng kwento. Pagkatapos, ang guro ay magpapabasa sa mga mag-aaral ng kwento at gagamit ng mga katanungan ang guro upang masukat ang kanilang pag-unawa sa alamat. Ikatlo, sa panghuling pagsusulit ginamitan ng mananaliksik ang mga respondente ng makabagong paraan ng pagtuturo ng kwento. Ang *Metacognitive Strategy* ay itinuro at isinama sa pagtatalakay ng pagtuturo ng kwento gamit ang mga sumusunod na hakbang o gabay: (1) Pagpaplano bago magbasa – bago basahin ang kwento, tinutulungan ang mga mag-aaral na tukuyin ang layunin ng pagbasa at balikan ang kanilang dating kaalaman tungkol sa paksa.

Maaaring magbigay ang guro ng mga gabay na tanong o magpasagot ng prediksyon upang magkaroon sila ng direksyon sa pag-unawa. (2) pagsubaybay habang nagbabasa – habang binabasa ang kwento, hinihikayat ang mga mag-aaral na suriin kung nauunawaan nila ang kanilang binabasa. Maaari silang magtala ng mahahalagang detalye o markahan ang mga bahaging hindi malinaw upang agad itong maunawaan. (3) Pagtataya pagkatapos magbasa – pagkatapos basahin ang kwento, sinusuri ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa sa pamamagitan ng pagbubuod, pagsagot sa mga tanong, o pagsulat ng repleksyon upang matiyak ang tamang pagkaunawa sa mensahe ng kwento. Ikaapat, pagkatapos nakuha at nakolekta ang mga datos sa pauna at panghuling pasulit, sinuri ang makabuluhang pagkakaiba gamit ang istadistikal na *Paired samples T-test*. Nalaman dito ang makabuluhang pagkakaiba sa dalawang pagsusulit. Ikalima, ang talatanungan na *likert scale,* pinasagutan sa mga respondenteng mag-aaral upang kunin ang saloobin at malaman ang kabisaan ng *Metacognitive Strategy*. Panghuli, gamit ang mga datos na nakuha, nakabuo ang mananaliksik ng kagamitang pampagtuturo, konklusyon at rekomendasyon.

3. Resulta at Pagtatalakay

Inilahad sa bahaging ito ang mga resulta ng pag-aaral kaugnay sa mga suliraning itinakda sa pananaliksik. Kabilang dito ang antas ng pag-unawa ng mga respondenteng mag-aaral sa paunang pagganap gamit ang tradisyunal na pamamaraan sa pagtuturo ng kuwento batay sa Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa. Inilahad din sa kabanatang ito ang antas ng panghuling pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy*, gayundin ang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pagganap bago at pagkatapos gamitin ang nasabing estratehiya. Kasama rin ang pagsusuri sa saloobin ng mga respondenteng mag-aaral hinggil sa paggamit ng *Metacognitive Strategy* sa pagtuturo ng pagbasa.

3.1 Antas ng Kasanayan ng mga Respondenteng Mag-aaral sa Paunang Pagganap gamit ang Kumbensyonal na Pagtuturo ng Kuwento

Ang bahaging ito ay naglalahad ng antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa paunang pagganap gamit ang kumbensyonal na pagtuturo sa pag-unawa ng kuwento. Sinusukat ang kanilang kasanayan batay sa mga pamantayang Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa. Ang mga resulta ay nagsisilbing batayan upang matukoy ang paunang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral bago gamitin ang *Metacognitive Strategy* bilang interbensiyon sa pagtuturo.

Batay sa talahanayan 1 ang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa paunang pagganap gamit ang kumbensyunal na pagtuturo batay sa tatlong mahahalagang pamantayan ng pag-unawa sa kuwento: Literal na

Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa. Ang mga resulta ay nagpapakita ng paunang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral bago ang paggamit ng *Metacognitive Strategy* bilang interbensiyon sa pagtuturo.

Talahanayan 1

Antas ng Kasanayan ng mga Respondenteng Mag-aaral sa Paunang Pagganap gamit ang Kumbensyonal na Pagtuturo ng Kuwento

Pamantayan	Nagsisimula (Beginning) f (%)	*Mean*	*S.D.*	*Verbal Description*
Literal na Pagbasa	99(100%)	33	14.3	Nagsisimula (*Beginning*)
Inferensyal na Pag-unawa	99(100%)	36	15.7	Nagsisimula (*Beginning*)
Kritikal at Personal na Pag-unawa	99(100%)	29	9.99	Nagsisimula (*Beginning*)

Leyenda: 74% at pababa =Nagsisimula (Beginning); 75% – 79%= Umuunlad (Developing); 80% – 84%= Papalapit sa Kahusayan (Approaching Proficiency); 85% – 89%= Mahusay (Proficient), 90% at pataas= Napakahusay (Advanced)

Sa Literal na Pagbasa, lahat ng siyamnapu't siyam (99) na respondente o katumbas ng 100% ay nakapaloob sa antas na Nagsisimula (*Beginning*). Nagtamo ito ng *mean* na 33 at *standard deviation* na 14.3. Ang resultang ito ay nagpapakita na karamihan sa mga mag-aaral ay nahihirapang matukoy at maunawaan ang mga tahasang impormasyong nakapaloob sa kuwento tulad ng mga tauhan, tagpuan, banghay, at iba pang detalyeng tuwirang binanggit sa teksto. Ang pagiging nasa antas na Nagsisimula ay nagpapahiwatig na hindi pa sapat ang kanilang kakayahan sa pagkuha ng mga pangunahing impormasyon mula sa kanilang binabasa. Samantala, ang *standard deviation* na 14.3 ay nagpapakita na may pagkakaiba-iba sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral, subalit nananatili pa rin silang nasa pinakamababang antas ng kasanayan.

Sa Inferensyal na Pag-unawa, ang lahat ng respondente o 100% ay nakakuha rin ng antas na Nagsisimula (*Beginning*) na may *mean* na 36 at *standard deviation* na 15.7. Bagama't ito ang may pinakamataas na *mean* sa tatlong pamantayan, nananatili pa rin itong nasa antas na Nagsisimula. Ipinahihiwatig nito na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbibigay ng hinuha, pag-uugnay ng mga pangyayari, at pagbubuo ng kahulugan mula sa mga impormasyong hindi tahasang nakasaad sa teksto. Ang mataas na *standard deviation* ay nagpapakita na may ilang mag-aaral na nakakuha ng mas mataas na puntos kaysa sa iba, ngunit hindi pa rin sapat upang maiangat ang kanilang antas ng pag-unawa sa susunod na kategorya. Ipinakikita lamang nito na kinakailangan pa nilang malinang ang kakayahan sa mas malalim na pag-aanalisa at interpretasyon ng binabasa.

Samantala, sa Kritikal at Personal na Pag-unawa, ang lahat ng respondente o 100% ay nanatili ring nasa antas na Nagsisimula (*Beginning*). Nakapagtala ito ng *mean* na 29 at *standard deviation* na 9.99, na siyang pinakamababang *mean* sa tatlong pamantayan. Ang resultang ito ay nagpapakita na higit na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagsusuri, paghusga, pagbibigay ng sariling pananaw, at pag-uugnay ng mga aral at pangyayari sa kuwento sa kanilang personal na karanasan at sa tunay na kalagayan ng lipunan. Ipinahihiwatig din nito na hindi pa lubos na nalilinang ang kanilang kakayahan sa mas mataas na antas ng pag-iisip na kinakailangan sa kritikal na pag-unawa. Ang mas mababang *standard deviation* kumpara sa ibang pamantayan ay nagpapakita na halos magkakatulad ang mababang antas ng pagganap ng mga respondente sa aspektong ito.

Malinaw na ipinakikita ng mga resulta na ang mga respondenteng mag-aaral ay nasa antas na Nagsisimula (*Beginning*) sa lahat ng pamantayan ng pag-unawa bago gamitin ang *Metacognitive Strategy*. Ipinahihiwatig nito na ang kumbensyunal na pagtuturo lamang ay hindi sapat upang malinang nang husto ang kanilang kakayahan sa literal, inferensyal, at kritikal na pag-unawa sa kuwento. Dahil dito, mahalagang mabigyan ang mga mag-aaral ng mas angkop at makabagong estratehiya sa pagtuturo upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa, partikular sa paggamit ng *Metacognitive Strategy* na nakatuon sa pagpapalalim ng pag-iisip at pagmomonitor ng sariling pagkatuto.

Batay sa resulta, maaaring may kakulangan sa tradisyunal na pagtuturo sa pagbibigay ng sapat na pagkakataon para sa mga mag-aaral na aktibong magproseso, magsuri, at magmonitor ng kanilang sariling pag-unawa. Maaaring higit na nakatuon ang proseso sa pagbibigay ng impormasyon, pagsagot sa mga tanong, at pagkuha ng

mga tuwirang detalye mula sa kuwento kaysa sa paggabay sa mga mag-aaral kung paano nila susuriin ang kanilang sariling proseso ng pag-iisip. Dahil dito, maaaring hindi lubos na nahasa ang kanilang kakayahang bumuo ng hinuha, mag-ugnay ng mga ideya, magsuri ng mensahe, at magbigay ng sariling pananaw.

Maaaring ganito ang resulta sapagkat ang pag-unawa sa kuwento ay hindi lamang nangangailangan ng pagkuha ng tahasang impormasyon. Kinakailangan din nito ang pag-uugnay ng mga ideya, pagbibigay ng hinuha, pagsusuri, at pagbuo ng sariling interpretasyon. Kung limitado ang mga gawaing nagbibigay ng pagkakataon upang maisagawa ang mga prosesong ito, maaaring manatili sa mababang antas ang pagganap ng mga mag-aaral. Makikita ito sa paunang resulta kung saan nanatili sa antas na Nagsisimula (*Beginning*) ang kanilang pagganap sa literal, inferensyal, at kritikal at personal na pag-unawa. Ipinahihiwatig nito na kailangan nila ng mas sistematiko at nakatuong paggabay sa proseso ng pag-unawa sa binabasang kuwento.

Ang isang posibleng dahila ng tradisyunal na pagtuturo sa konteksto ng pag-aaral ay ang limitadong pagbibigay-diin sa aktibong pakikilahok ng mag-aaral sa proseso ng pag-iisip at sariling pagtataya ng pag-unawa. Kapag ang pagtuturo ay higit na nakasentro sa guro at sa pagtanggap ng impormasyon, maaaring mabawasan ang pagkakataon ng mga mag-aaral na magsanay sa pagpaplano kung paano babasahin ang teksto, pagsubaybay kung nauunawaan nila ang binabasa, at pagsusuri kung tama o sapat ang kanilang pag-unawa. Sa pagtuturo ng kuwento, maaari ring maging hamon ang isang pamamaraang higit na nakatuon sa pag-alala sa tauhan, tagpuan, pangyayari, at iba pang impormasyong tahasang makikita sa teksto kung hindi ito sinusundan ng mga gawaing nangangailangan ng hinuha, pagsusuri, interpretasyon, at personal na pagninilay. Dahil dito, maaaring hindi sapat na malinang ang mas mataas na antas ng pag-unawa sa pagbasa.

Ipinahihiwatig ng paunang resulta na may ilang limitasyon ang paggamit ng kumbensyonal na pagtuturo sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa kuwento. Maaaring higit na nakatuon ang naturang pamamaraan sa paghahatid ng impormasyon at pagsagot sa mga tanong tungkol sa nilalaman ng teksto kaysa sa aktibong paggabay sa mga mag-aaral na pag-isipan at subaybayan ang kanilang sariling proseso ng pag-unawa. Dahil dito, maaaring hindi sapat ang pagkakataon ng mga mag-aaral na magsanay sa pagbibigay ng hinuha, pag-uugnay ng mga ideya, pagsusuri ng mensahe, at pagbibigay ng sariling pananaw. Ipinakikita ng resulta na ang ganitong kalagayan ay maaaring nakaambag sa pananatili ng mga mag-aaral sa antas na Nagsisimula (*Beginning*) bago gamitin ang *Metacognitive Strategy*. Samakatuwid, mahalagang magkaroon ng mga gawaing higit na nakasentro sa aktibong pag-iisip ng mag-aaral, partikular sa pagpaplano, pagmomonitor, at pagsusuri ng sariling pag-unawa habang nagbabasa.

Pinatunayan nina Bernardo at Mante-Estacio (2023) na ang mababang antas ng paggamit ng mga *metacognitive reading strategies* ay may kaugnayan sa mababang antas ng pag-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral na Pilipino. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na hindi *regular* na gumagamit ng mga estratehiyang metakognitibo ay kadalasang nakararanas ng kahirapan sa pagkuha ng impormasyon, pagbibigay ng hinuha, at pagsusuri ng mga tekstong kanilang binabasa. Ang natuklasang ito ay umaayon sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan ang mga mag-aaral ay nasa antas na Nagsisimula sa Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa bago gamitin ang *Metacognitive Strategy.* Ayon kina Vicente at Baldera (2024), may mahalagang papel ang *metacognitive awareness* sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pag-unawa sa binabasa. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na may mababang antas ng kamalayang metakognitibo ay nahihirapang tukuyin ang mahahalagang detalye, bumuo ng mga hinuha, at magsagawa ng mas mataas na antas ng pagsusuri sa kanilang binabasa. Ipinakikita ng kanilang pag-aaral na kinakailangan ang mga estratehiyang nakatuon sa pagmomonitor at pag-oorganisa ng sariling pagkatuto upang mapaunlad ang pag-unawa sa pagbasa.

Binanggit ni Batac (2024) na ang kakulangan sa paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo ay maaaring magdulot ng mababang pagganap sa iba't ibang antas ng pag-unawa sa pagbasa. Natuklasan niya na maraming mag-aaral ang nakababasa ng teksto ngunit nahihirapang maunawaan ang mas malalim na kahulugan nito, lalo na sa pagbibigay ng interpretasyon at pag-uugnay ng impormasyon sa sariling karanasan. Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan ang mga mag-aaral ay nakapagtala ng mababang antas ng pagganap sa inferensyal at kritikal na pag-unawa. Napatunayan ni Mercado (2024) na maraming mag-

aaral ang nakararanas ng suliranin sa pag-unawa sa kanilang binabasa sa kabila ng kakayahang makabasa ng mga salita at pangungusap. Ipinakita ng kanyang pag-aaral na ang kahinaan sa literal na pag-unawa ay nagiging hadlang sa paglinang ng mas mataas na antas ng pag-unawa tulad ng inferensyal at kritikal na pagbasa. Dahil dito, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng paggamit ng mga estratehiyang makatutulong sa mga mag-aaral upang maging mas aktibo sa pagpoproseso ng impormasyon habang nagbabasa.

Ayon kina Villanueva et al. (2025), ang mga mag-aaral na may mababang paunang pagganap sa pagbasa ay karaniwang nahihirapan sa pagkuha ng pangunahing impormasyon, pagbibigay ng hinuha, at pagsusuri ng mga ideya sa teksto. Natuklasan nila na ang paggamit ng *contextualized metacognitive strategies* ay nakatutulong upang mapahusay ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa iba't ibang antas ng pagbasa. Ipinakikita ng kanilang pag-aaral na mahalaga ang mga estratehiyang nagtuturo sa mga mag-aaral kung paano planuhin, subaybayan, at suriin ang kanilang sariling pagkatuto. Sa kabuoan, nagpapakita ng magkakatulad na resulta na ang mababang antas ng literal, inferensyal, at kritikal na pag-unawa ay karaniwang nararanasan ng mga mag-aaral na may limitadong paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo. Ang mga natuklasang ito ay nagbibigay ng matibay na suporta sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakitang ang mga respondenteng mag-aaral ay nasa antas na Nagsisimula bago ang paggamit ng *Metacognitive Strategy*. Samakatuwid, ipinahihiwatig ng mga pag-aaral na mahalagang mabigyan ang mga mag-aaral ng mga estratehiyang nagtuturo sa kanila kung paano planuhin, subaybayan, at suriin ang kanilang sariling pagkatuto upang higit na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa literal, Inferensyal, at kritikal na pag-unawa sa binabasa.

Batay sa mga natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral at sa mga kaugnay na pag-aaral na sumusuporta rito, ipinahihiwatig na ang mababang antas ng literal, inferensyal, at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral ay may kaugnayan sa limitadong paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo sa proseso ng pagbasa. Ang pagiging nasa antas na Nagsisimula ng mga respondenteng mag-aaral sa lahat ng pamantayan ng pag-unawa bago gamitin ang *Metacognitive Strategy* ay nagpapakita na hindi sapat ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo upang malinang ang mas mataas na antas ng pag-iisip at pag-unawa sa binabasa. Ipinahihiwatig din ng resulta na ang kakayahang bumasa ng mga salita at pangungusap ay hindi awtomatikong nangangahulugan ng ganap na pag-unawa sa nilalaman ng teksto. Bagama't nakakabasa ang mga mag-aaral, nahihirapan pa rin silang tukuyin ang mahahalagang impormasyon, bumuo ng mga hinuha, magbigay ng interpretasyon, at magsagawa ng kritikal na pagsusuri. Ipinakikita nito na kinakailangan ang mas malalim na proseso ng pag-iisip upang lubos na maunawaan ang binabasa. Higit pa rito, ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang kahinaan sa literal na pag-unawa ay maaaring makaapekto sa paglinang ng inferensyal at kritikal na pag-unawa. Kapag nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng pangunahing impormasyon mula sa teksto, nagiging limitado rin ang kanilang kakayahang magbigay ng hinuha, magsuri ng mga ideya, at mag-ugnay ng mga konsepto sa kanilang sariling karanasan. Dahil dito, mahalagang mapatatag muna ang pundamental na kasanayan sa pagbasa bilang batayan ng mas mataas na antas ng pag-unawa.

Bilang implikasyon sa pagtuturo, ipinakikita ng resulta na mahalagang gamitin ng mga guro ang *Metacognitive Strategy* upang matulungan ang mga mag-aaral na maging mas aktibong kalahok sa kanilang sariling pagkatuto. Sa pamamagitan ng mga gawaing nagtuturo sa kanila kung paano planuhin, subaybayan, at suriin ang kanilang pag-unawa habang nagbabasa, mas nagiging mulat sila sa kanilang mga kalakasan at kahinaan sa pagkatuto. Ito ay nagiging daan upang mas mapabuti ang kanilang pagganap sa iba't ibang antas ng pag-unawa sa pagbasa. Para naman sa mga tagapamahala ng paaralan at mga tagapagbalangkas ng kurikulum, ipinahihiwatig ng resulta na kinakailangang higit pang palakasin ang mga programang nakatuon sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa pagbasa sa pamamagitan ng mga estratehiyang metakognitibo. Ang pagbibigay ng mga pagsasanay sa mga guro hinggil sa paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay maaaring makatulong upang mapataas ang kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ipinahihiwatig din ng pag-aaral na ang *Metacognitive Strategy* ay hindi lamang isang estratehiya sa pagbasa kundi isang mahalagang kasangkapan sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, paglutas ng suliranin, at independiyenteng pagkatuto. Sa pamamagitan nito, natututo ang mga mag-aaral na magkaroon ng mas malaking

pananagutan sa kanilang sariling pagkatuto at nagiging mas epektibo sila sa pagproseso at pag-unawa ng impormasyon. Sa kabuoan, ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang paggamit ng Metacognitive Strategy ay mahalaga upang matugunan ang mababang antas ng literal, inferensyal, at kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral. Bilang implikasyon, nararapat itong maisama sa mga gawaing pampagtuturo sa pagbasa upang higit na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa, pagsusuri, at mas malalim na pagproseso ng mga impormasyong kanilang binabasa.

3.2 Antas ng Kasanayan ng mga Respondenteng Mag-aaral sa Panghuling Pagganap gamit ang Metacognitive Strategy sa Pagtuturo ng Kuwento

Ang bahaging ito ay naglalahad ng antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa panghuling pagganap matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy* sa pagtuturo ng kuwento. Sinusukat ang kanilang kasanayan batay sa mga pamantayang Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa. Ang mga resulta ay nagsisilbing batayan upang matukoy ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral pagkatapos ng implementasyon ng *Metacognitive Strategy* at upang masuri kung nagkaroon ng pag-unlad sa kanilang kasanayan sa pag-unawa ng kuwento.

Talahanayan 2
Antas ng Kasanayan ng mga Respondenteng Mag-aaral sa Panghuling Pagganap gamit ang Metacognitive Strategy sa Pagtuturo ng Kuwento

Pamantayan	*Nagsisimula (Beginning)* f (%)	*Papalapit sa Kahusayan (Approaching Proficiency)* f (%)	*Napakahusay (Advanced)* f(%)	*Mean*	*S.D.*	*Verbal Description*
Literal na Pagbasa	19(19.2%)	70(70.7%)	10(10.1%)	78	10.7	Umuunlad (Developing)
Inferensyal na Pag-unawa	25(25.3%)	66(66.7%)	8(8.1%)	77	11.1	Umuunlad (Developing)
Kritikal at Personal na Pag-unawa	26(26.3%)	72(72.7%)	1(1.0%)	75	9.19	Umuunlad (Developing)

Leyenda: 74% at pababa =Nagsisimula (Beginning); 75% – 79%= Umuunlad (Developing); 80% – 84%= Papalapit sa Kahusayan (Approaching Proficiency); 85% – 89%= Mahusay (Proficient), 90% at pataas= Napakahusay (Advanced)

Makikita sa talahanayan 2 ang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa panghuling pagganap matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy* sa pagtuturo ng kuwento. Sinusukat ang kanilang pag-unawa batay sa Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa. Ang mga resulta ay nagpapakita ng pagbabago sa antas ng kanilang pag-unawa matapos ang interbensiyon.

Sa Literal na Pagbasa, mayroong labing-siyam (19) na respondente o 19.2% na nasa antas na Nagsisimula (*Beginning*), pitumpu (70) o 70.7% na nasa antas na Papalapit sa Kahusayan (*Approaching Proficiency*), at sampu (10) o 10.1% na nasa antas na Napakahusay (*Advanced*). Nagtala ito ng *mean* na 78 at *standard deviation* na 10.7 na may berbal na deskripsiyong Umuunlad (*Developing*). Ipinakikita ng resultang ito na karamihan sa mga mag-aaral ay nakalampas na sa antas na Nagsisimula at unti-unti nang nahuhubog ang kanilang kakayahan sa pagtukoy at pag-unawa sa mga tahasang impormasyong nakapaloob sa teksto. Ang pagkakaroon ng ilang mag-aaral sa antas na Napakahusay ay nagpapakita na may mga respondente nang nakapagtamo ng mataas na antas ng pag-unawa sa literal na pagbasa matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy.* Gayunman, maaaring maiugnay ang pag-angat ng karamihan ng mga mag-aaral sa isang antas lamang sa kanilang panimulang antas ng kasanayan at sa pangangailangan ng tuloy-tuloy na pagsasanay upang higit na maging matatag ang kanilang kakayahan sa pagtukoy at pag-unawa sa tahasang impormasyon.

Sa Inferensyal na Pag-unawa, dalawampu't lima (25) o 25.3% ng mga respondente ang nasa antas na Nagsisimula (*Beginning*), animnapu't anim (66) o 66.7% ang nasa antas na Papalapit sa Kahusayan (*Approaching Proficiency*), at walo (8) o 8.1% ang nasa antas na Napakahusay *(Advanced*). Nakapagtala ito ng *mean* na 77 at *standard deviation* na 11.1 na may berbal na deskripsiyong Umuunlad (*Developing)*. Ipinahihiwatig nito na mas marami nang mag-aaral ang nakabubuo ng mga hinuha, nakapag-uugnay ng mga pangyayari, at nakapagbibigay ng interpretasyon sa mga impormasyong hindi tahasang nakasaad sa teksto. Bagama't may ilan pa ring nasa antas

na Nagsisimula, malinaw na mas mataas ang bilang ng mga mag-aaral na nakaaabot na sa antas na Papalapit sa Kahusayan, na nagpapakita ng positibong epekto ng interbensiyon. Gayunman, maaaring maiugnay ang isang antas lamang na pag-angat ng karamihan sa mas mataas na pangangailangang kognitibo ng inferensyal na pag-unawa, sapagkat nangangailangan ito ng higit na pagsasanay sa pagbibigay ng hinuha, pag-uugnay ng mga ideya, at pagbubuo ng interpretasyon mula sa mga pahiwatig ng teksto.

Samantala, sa Kritikal at Personal na Pag-unawa, dalawampu't anim (26) o 26.3% ng mga respondente ang nasa antas na Nagsisimula (*Beginning*), pitumpu't dalawa (72) o 72.7% ang nasa antas na Papalapit sa Kahusayan (*Approaching Proficiency*), at isa (1) o 1.0% lamang ang nasa antas na Napakahusay (*Advanced*). Nagtala ito ng *mean* na 75 at *standard deviation* na 9.19 na may berbal na deskripsiyong Umuunlad (*Developing*). Ipinakikita nito na bagama't may pag-unlad na naganap sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, paghusga, at pag-uugnay ng mga ideya sa kanilang personal na karanasan, nananatili itong pinakamababang mean sa tatlong pamantayan. Nangangahulugan ito na ang kritikal at personal na pag-unawa ay nananatiling pinakamahirap na kasanayang malinang dahil nangangailangan ito ng mas mataas na antas ng pag-iisip at mas malalim na pagpoproseso ng impormasyon. Dahil dito, maaaring maiugnay ang isang antas lamang na pag-angat ng karamihan sa pangangailangan ng mas mahabang panahon at higit na tuloy-tuloy na pagsasanay sa pagsusuri, pagbibigay ng sariling pananaw, pagbibigay-katwiran, at pag-uugnay ng mga ideya sa personal na karanasan.

Sa kabuoan, ang mga resulta ay nagpapakita ng malinaw na pag-unlad sa pagganap ng mga mag-aaral matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy*. Bagama't ang kabuuang berbal na deskripsiyon sa tatlong pamantayan ay nananatiling Umuunlad (*Developing*), kapansin-pansin na ang karamihan sa mga respondente ay nasa antas na Papalapit sa Kahusayan (*Approaching Proficiency*). Ipinahihiwatig nito na naging mabisa ang *Metacognitive Strategy* sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa kuwento, lalo na sa literal at inferensyal na pag-unawa, at nagkaroon din ng positibong ambag sa paglinang ng kanilang kritikal at personal na pag-unawa.

Ang salik ay ang pagbabago ng resulta mula sa pauna tungo sa panghuling pagsusulit ay maaaring maiugnay sa paglalapat ng *Metacognitive Strategy*, kung saan nabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong magplano, magsubaybay, at magsuri ng kanilang sariling pag-unawa habang nagbabasa at sumusuri ng kuwento. Ang paulit-ulit na pagsasagawa ng mga gawaing nakatuon sa pag-unawa sa teksto ay maaaring nakatulong sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahang tukuyin ang mahahalagang impormasyon, bumuo ng hinuha, magsuri ng mga ideya, at magbigay ng sariling pananaw. Maaari ring nakaambag ang patuloy na pagsasanay at pagkakalantad sa mga gawaing pampagbasa sa pagtaas ng kanilang pagganap. Gayunman, batay sa nakalap na datos, ang mga salik na ito ay maaaring ituring na posibleng paliwanag lamang sa pagbabago ng resulta sapagkat hindi partikular na sinukat ng pag-aaral ang kontribusyon ng bawat salik.

Ang pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral mula sa paunang pagsusulit tungo sa panghuling pagsusulit ay maaaring maiugnay sa paggamit ng *Metacognitive Strategy*. Sa pamamagitan ng pagpaplano, pagmomonitor, at pagsusuri ng sariling pag-unawa, nabigyan ang mga mag-aaral ng mas malinaw na proseso kung paano nila haharapin at uunawain ang isang kuwento. Nakatulong ang mga gawaing ito upang maging mas aktibo ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng mahahalagang impormasyon, pagbuo ng hinuha, pagsusuri ng mga ideya, at pagbibigay ng sariling pananaw. Gayunman, hindi nangangahulugang agad na maaabot ng mga mag-aaral ang pinakamataas na antas ng kasanayan matapos lamang ang isang interbensiyon. Ang pag-unawa sa kuwento, lalo na sa inferensyal at kritikal na antas, ay nangangailangan ng patuloy na pagsasanay at paulit-ulit na paggamit ng kasanayan. Samakatuwid, ang pag-angat ng karamihan sa isang antas ay maaaring magpahiwatig na nagsimula nang maging epektibo ang estratehiya, ngunit kailangan pa ng mas mahabang panahon at mas maraming pagkakataon para sa aplikasyon nito upang higit na mapaunlad at mapatatag ang kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang isang posibleng dahilan ay ang maikling panahon ng implementasyon ng estratehiya. Bagama't nakatulong ang *Metacognitive Strategy* upang mapabuti ang pagganap ng mga mag-aaral, maaaring hindi sapat ang panahon upang lubusang malinang ang kanilang mga kasanayan hanggang sa pinakamataas na antas. Ang *metacognition* ay hindi lamang simpleng pagkatuto ng isang pamamaraan; nangangailangan ito ng patuloy na

pagsasanay upang masanay ang mga mag-aaral sa pagpaplano bago magbasa, pagsubaybay habang nagbabasa, at pagsusuri sa kanilang pag-unawa pagkatapos magbasa. Maaari ring nakaapekto ang panimulang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral. Dahil nagsimula sila sa mababang antas ng pag-unawa, kinakailangan muna nilang magkaroon ng matibay na pundasyon sa literal na pagbasa bago lubusang mapaunlad ang mas mataas na kasanayan tulad ng pagbibigay ng hinuha, pagsusuri, pagbibigay-katwiran, at personal na interpretasyon. Dahil dito, maaaring unti-unti lamang ang naging pag-angat ng karamihan. Mahalagang bigyang-diin na ang resulta ay hindi nangangahulugang hindi naging mabisa ang *Metacognitive Strategy*. Sa halip, ipinakikita nito na may hangganan ang maaaring makamit ng isang interbensiyon sa loob ng itinakdang panahon. Nakatulong ang estratehiya upang maiangat ang pag-unawa ng mga mag-aaral, subalit ang pag-abot sa mas mataas na antas ng kasanayan ay nangangailangan ng mas tuloy-tuloy, mas malalim, at mas iba-ibang gawaing pampagkatuto.

Sa pagtuturo ng kuwento, maaaring kailanganin ang mas maraming gawain na hindi lamang nagtatanong kung ano ang nangyari sa kuwento, kundi humihikayat sa mga mag-aaral na ipaliwanag kung paano nila nakuha ang sagot, tukuyin ang batayan ng kanilang hinuha, suriin ang kilos ng mga tauhan, bigyang-katwiran ang kanilang pananaw, at iugnay ang mensahe ng kuwento sa kanilang sariling karanasan. Sa ganitong paraan, hindi lamang nalilinang ang pagkuha ng impormasyon kundi pati ang mas mataas na proseso ng pag-iisip. Samakatuwid, ang pag-angat ng karamihan sa isang antas ay maaaring tingnan bilang indikasyon na nagsimula nang malinang ang kanilang kasanayan, ngunit hindi pa ganap na napagtitibay ang mga ito. Maaaring kailanganin ang mas mahabang implementasyon, higit na dalas ng pagsasanay, at progresibong mga gawain mula sa literal patungo sa inferensyal at kritikal na pag-unawa. Ang ganitong interpretasyon ay isang posibleng paliwanag lamang, sapagkat hindi partikular na sinukat ng pag-aaral ang tagal ng interbensiyon, dami ng pagsasanay, o iba pang salik na maaaring tuwirang nagpaliwanag sa isang antas lamang na pag-angat.

Pinatunayan ni Villanueva (2022) na may mahalagang ugnayan ang paggamit ng mga *metacognitive reading strategies* at pagganap sa pag-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral. Natuklasan niya na ang mga mag-aaral na gumagamit ng mga estratehiyang tulad ng muling pagbasa, pagmomonitor ng pag-unawa, at pag-uugnay ng dating kaalaman sa binabasa ay nakapagtatala ng mas mataas na antas ng pag-unawa. Ang natuklasang ito ay umaayon sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan umangat ang mga mag-aaral sa antas na Umuunlad (*Developing)* matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy*. Ayon kay Arienda (2025), ang kamalayan sa paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo ay may positibong kaugnayan sa kakayahan sa pag-unawa sa binabasa. Ipinakita sa kanyang pag-aaral na ang mga mag-aaral na may mataas na kamalayan sa kanilang proseso ng pagkatuto ay higit na nakauunawa sa teksto at mas nagiging epektibo sa pagproseso ng impormasyon. Ipinahihiwatig nito na ang aktibong pagmomonitor ng sariling pagkatuto ay mahalagang salik sa pagpapahusay ng pag-unawa sa pagbasa.

Pinatunayan naman nina Montillana et al. (2025) na may makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na aktibong gumagamit ng mga estratehiya sa pagmomonitor, pagsusuri, at pagwawasto ng kanilang pag-unawa ay nakapagtatala ng mas mataas na antas ng pagkatuto at akademikong pagganap. Ang natuklasang ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng mga estratehiyang metakognitibo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa. Binigyang-diin ni Lagulos (2025) na ang mababang kamalayan sa *metacognitive reading strategies* ay isa sa mga salik na nakaaapekto sa mababang pagganap ng mga mag-aaral sa mga gawaing nangangailangan ng mataas na antas ng pag-unawa. Ipinakita rin sa kanyang pag-aaral na mahalagang malinang ang kamalayang metakognitibo upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, interpretasyon, at pagbuo ng kahulugan mula sa binabasang teksto.

Samantala, ayon kina Casingal at Balaba (2026), ang mga programang nakatuon sa pagpapaunlad ng pagbasa ay nakapagpapataas ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa iba't ibang kasanayan sa pag-unawa. Bagama’t nakatuon ang kanilang pag-aaral sa pagbabago ng antas ng kahusayan sa pagbasa, ipinakita nila na ang sistematiko at planadong interbensiyon ay mahalaga upang maiangat ang mga mag-aaral mula sa mababang antas tungo sa mas mataas na antas ng pag-unawa. Higit pa rito, ipinakita nina De Ocampo et al. (2024) na mahalaga ang paggamit ng mga angkop na estratehiya sa pag-unawa sa pagbasa upang mapaunlad ang akademikong pagganap ng mga

mag-aaral. Natuklasan nila na ang mga estratehiyang nagpapalawak ng pag-iisip at humihikayat ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagbasa ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa ng teksto at mas mataas na antas ng pagkatuto.

Sa kabuuan, ang mga naunang pag-aaral ay nagpapakita ng magkakatulad na pananaw na ang paggamit ng mga estratehiyang metakognitibo ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa pagbasa at pangkalahatang pagganap ng mga mag-aaral. Ipinakikita ng kanilang mga natuklasan na ang mga mag-aaral na natutong planuhin, subaybayan, at suriin ang kanilang sariling pagkatuto habang nagbabasa ay nagkakaroon ng mas mataas na kakayahan sa pagkuha ng impormasyon, pagbibigay ng mga hinuha, at pagsusuri ng mga ideyang nakapaloob sa teksto. Dahil dito, higit silang nagiging aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto at hindi lamang simpleng tagatanggap ng impormasyon.

Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakitang nagkaroon ng pag-unlad sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral matapos gamitin ang *Metacognitive Strategy*. Mula sa pagiging nasa antas na Nagsisimula sa paunang pagsusulit, umangat ang karamihan sa mga mag-aaral sa antas na Umuunlad (*Developing*) sa Literal na Pagbasa, Inferensyal na Pag-unawa, at Kritikal at Personal na Pag-unawa. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng *Metacognitive Strategy* ay nakatulong sa mga mag-aaral na higit na maunawaan ang nilalaman ng kuwento, makabuo ng mga makatwirang hinuha mula sa binasa, at makapagsagawa ng mas malalim na pagsusuri at pag-uugnay ng mga ideya sa kanilang sariling karanasan. Higit pa rito, ipinakikita ng resulta na ang sistematikong paggabay sa mga mag-aaral upang maging mulat sa kanilang sariling paraan ng pagkatuto ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagbasa. Sa pamamagitan ng mga gawaing nakatuon sa pagpaplano, pagsubaybay, at ebalwasyon ng sariling pag-unawa, natututo silang tukuyin ang kanilang mga kahinaan at gumawa ng mga hakbang upang mapabuti ang kanilang pagkatuto. Samakatuwid, maaaring ipalagay na ang *Metacognitive Strategy* ay isang mabisang estratehiya sa pagtuturo ng kuwento sapagkat nakatutulong ito sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral at sa paglinang ng kanilang kakayahang mag-isip nang mas kritikal at mapanuri.

